Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 2, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 142-T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 100-T2010 / KAUTUSAN BLG. 013 –T2010 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION V NA NAGTATAAS NG SINGILIN SA BARANGAY CLEARANCE PARA SA MGA ESTABLISIMYENTONG NASASAKUPAN NG NASABING BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 100-T2010 /Kautusan Blg. 013-T2010 ng Sangguniang Barangay Poblacion V na nagtataas ng singilin sa Barangay Clearance para sa mga establisimyentong nasasakupan ng nasabing barangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos mapagtalakayan at mapag-aralan ng naturang lupon ang Kapasiyahan Blg. 100-T2010 / Kautusan Blg. 013-T2010 na nagtataas ng singilin sa barangay clearance para sa mga establisimyentong nasasakupan ng nasabing barangay lakip ang sertipikasyong nagkaroon ng public hearing at mga dumalong mamamayan ay napagkaisahang irekomenda na pagtibayin na ito ng bumubuo ng Sangguniang Bayan sa Karaniwang Pulong;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya, Serafin C. San Juan, Jr at Laarni A. Malibiran at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 100-T2010 / Kautusan Blg. 013-T2010 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion V na nagtataas ng singilin sa Barangay Clearance para sa mga establisimyentong nasasakupang ng nasabing barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at Sangguniang Barangay Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ENGR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan